


# May Pag-asa Para sa Akin

## Ang Gabay ng Tagapag-padaloy (Facilitator)

Isang mapag-ugnay na workbook para sa paghilom mula sa kapighatian/trauma para sa mga bata.

Phyllis Kilbourn



# May Pag-asa Para sa Akin

***Isang mapag-ugnay na workbook para sa paghilom mula sa kapighatian/trauma para sa mga bata.***

## Ang Gabay ng Tagapag-padaloy (Facilitator)

***A Crisis Care Training International Publication***

Phyllis Kilbourn

Copyright © 2010, 2014, 2021
by Crisis Care Training International (CCTI)
a ministry of WEC International
Fort Washington, Pennsylvania, USA
All rights reserved

All Scripture quotations, unless otherwise indicated, are taken from the Holy Bible; New International Version®, © Copyright The Lockman Foundation 1978.
Used by permission.

Crisis Care Training International

info@crisiscaretraining.org
www.crisiscaretraining.org

Ang training set na ito ay binubuo ng

# May Pag-asa Para sa Akin

***Isang mapag-ugnay na workbook para sa paghilom mula sa trauma para sa mga bata.***

# Ang Gabay ng Tagapag-padaloy (Facilitator)

May mas malalim na gabay sa *Healing for Hurting Hearts: Isang handbook para sa pagpapayo ng mga bata at kabataan na nasa krisis*

Ang mga kagamitan na ito ay makakatulong sa mga magulang, Sunday School teachers at mga tagapag-alaga ng mga bata na nakaranas ng mga matinding karanasan na nagbigay ng mahalagang pagkawala na nauwi sa kalungkutan.

Sa workbook na ito, gumamit kami ng mga pangalan na kumakatawan sa Trinidad ng Diyos. Kahit tayong mga nakatatanda ay hirap tanggapin ang mahiwagang kalikasan ng Trinidad, kadalasan, madaling tanggapin ito ng mga bata; kamangha-mangha ang kanilang pananampalataya. Kahit bihirang magtanong ang bata tungkol sa Trinidad, kailangan nating maging handang magbigay ng simpleng sagot kung sakaling magtanong sila. Para sa isang maliit na bata, ang simpleng pagturo na may isang Diyos na Siyang Ama, Anak at Espiritu Santo ay sapat na. Para naman sa mas matandang mga bata, puede tayong gumamit ng pagsalarawan na ganito: Ako ay anak ng aking tatay; ako ay asawa ng aking asawa; at ako ay ina ng aking anak. Ako ay tatlong klase ng tao, ngunit iisa pa rin ako. Ang Diyos ay isa pero tatlong persona: Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritu Santo.

# Pagpapakilala sa

# MAY PAG-ASA PARA SA AKIN

### Isang mapag-ugnay na workbook para sa paghilom mula sa trauma para sa bata

Ang workbook na ito ay nagbibigay ng oportunidad sa mga bata upang mapag-usapan nila ang mga nararamdaman nila na kaugnay ng kanilang trauma habang ginagawa nila ang mga gawain dito. Napakaimportante para sa bata ang nararamdaman nila tungkol sa traumatic na pangyayaring naranasan nila. Madalas silang nakakaranas ng mga pakiramdam na nakakabulabog na bago para sa kanila.

Isa pang katangian ng trauma ng bata ay ang mga pagkawala na nararanasan nila sa pamamagitan ng traumatic na pangyayari. Kailangan nila ng tulong na kilalanin ang mga pagkawalan na ito at na maintindihan ang epekto nito, para sa ngayon at sa kinabukasan. Upang magkaron ng pagsasara ng kanilang trauma, kailangan ng batang pagdalamhatian ang nawala sa kanila sa paraan na makahulugan sa kanila.

IMahalagang malaman ng bata na gusto talaga nating maintindihan ang kanilang nararamdaman at kung ano ang kailangan nila. Minsan, naiinis ang bata ngunit hindi nila masabi kung ano ang makakatulong sa kanila. Ang pagbigay ng panahon at paghikayat na ibahagi ang kanilang nararamdaman sa atin ay makakatulong na sa kanila para paguri-uriin ang kanilang nararamdaman. Kailangan ng bata ng pangmatagalang suporta. Mas matindi o marami ang pakawala na maranasan ng bata o kabataan, mas mahirap makabangon. Ito ay lalong matindi kapag sila ay nawalan ng magulang na naging pangunahing suporta nila. Subukan nating magtaguyod ng mas maraming suporta para sa mga batang nakaranas ng makahulugang pagkawala.

# Ang Gabay ng Facilitator

## <u>Ang Katungkulan ng Facilitator</u>

Ang katungkulan ng facilitator ay na gabayan ang bata sa mga gawain ng kanilang workbook. Kailangan ng mga bata ng tulong upang kilalanin at pagdalamhatian ang nawala sa kanila. Kailangan din nila ng tulong na mapagtantuan ang kahulugan ng mga pagkawalan na iyon sa kanila, ngayon at sa pangmatagalan. Matutulungan kayo ng mga notes dito upang matupad ito.

Pinalalawak din ng *Gabay ng Facilitator* ang konsepto ng bata sa trauma, takot, kalungkutan at iba pa. Pagkatapos ng trauma, nagbabago ang ugali ng bata. Kadalasan, ito'y nangyayari agad. Minsan naman, mukhang maayos ang bata habang nangyayari ang trauma at nahuhuli ang pagbabago pagkatapos ng ilang linggo o kaya buwan.

Magbigay tayo ng suporta at habag sa pagkausap sa bata upang maramdaman nila na sila'y ligtas. Tulungan natin silang makabilang sa pagpanatili ng kanilang kaligtasan sa pamamagitan ng pagtanong kung ano ang kanilang kailangan para sa kanilang kaginhawaan at pangsariling pagalaga.

Ang mga sumusunod na punto ay magbibgay ng ilang mahalagang gabay na dapat nating alalahanin sa ating pag-gamit ng workbook na ito. Ang pagsunod sa mga gabay na ito ay magdudulot ng matagumpay na pagtulong sa mga bata.

## Itugma sa traumatic na karanasan ng mga bata ang gawain.

Ang mga bata sa buong mundo ay nagdurusa ng malawak na uri ng traumatic na pangyayari: natural na sakuna, giyera, aksidente, pangungulila, o kaya'y pagbenta para sa sexual na pagsasamantala ay iilan lang sa mga posibilidad. Pagka nararanasan ng mga bata ang anuman sa mga traumatic na pangyayaring ito, sila ay makakaranas rin ng matinding pagkawala .Depende sa uri ng trauma, posibleng makabilang sa pagkawala ang tahanan at pamilya, mga kaibigan, pagka-ligtas, tiwala, edukasyon, paggalang sa sarili, pakiramdam na sila'y minamahal, pakiramdam ng pakabilang at pag-asa.

Ang mga pagkawalang ito ay magdudulot ng matinding kalungkutan sa isang bata. Mahalagang mabigyan ang mga bata ng maraming oportunidad para kilalanin at ipahayag ang kanilang nararamdaman upang maganap ang emosyonal at spiritual na paghilom. Dapat ding bigyan ang mga bata ng panahon para iproseso ang kanilang pagkawala upang ito ay maibalik kung possible. Ang isang inang namatay sa traumatic na pangyayari ay hindi na muling maibubuhay. Subalit ang isang mapagmahal na taga pag-alaga ay puedeng mapalitan upang maramdaman ng bata na siya'y ligtas at minamahal.

Dahil pare-pareho ang mga naiisip at nararamdaman ng mga bata sa lahat ng nararanasang traumatic na pangyayari, puedeng gamitin ang pampagaling na workbook na ito para sa mga batang nakakaranas ng anumang uri ng traumatic na pangyayari.

Ikaw, ang facilitator, dapat mong kilalanin at itukoy ang tiyak na uri ng trauma at ang nagreresultang emosyon habang tinutulungan mo ang mga bata. Pag ang tinutukoy ng text ay isang traumatic na pangyayari o isang bagay na nagpalungkot sa bata, siguraduhing tawagin sa pangalan ang tiyak na pangyayari – baha, sunog, giyera, atbp. Puede mo ring isaayos ang mga katanungan mo upang bumagay sa karanasan ng bata. Tanungin mo sila kung sila'y natakot nung ginanap ang lindol (o bagyo o tsunami). Ano ang pinaka nakakatakot tungkol sa giyera (o mamuhay sa kalye o mangulila)?

Ganun pamandin, maging sensitibo pag pinag-uusapan ang mga bagay tungkol sa sexual na pang-aabuso. Sa mga sitwasyong ganito, hayaan na ang bata ang mag-umpisa o manguna sa panahon at lalim ng gusto niyang ibahagi.

## Bago umpisahan ang sesyon, piliin kung ang gagamitin mo ay pang maramihan o indibidwal na pagpapangkat.

Mas gusto kasi ng iba na suriin ng mga bata ang mga gawain sa sitwasyong pangkat na kapantay; ang iba naman ay mas gusto na isa-isa ang batang tutulungan. Sa natural na sakuna pareho ng lindol, kung saan pare-pareho ang karanasan at naramdaman, kahit magkaiba ang tindi ng trauma, sa pangkalahatan, mas nakatutulong sa mga bata na iproseso ang pangyayari sa isang sumusuportang pangkat na kapantay.

Kapag ang trauma ay nagdulot ng hiya sa bata, pareho ng domestikong karahasan o sexual na pang-aabuso, puede mong alokin ng paisa-isang pag-gabay hanggang maging comportable ang bata na makasama sa isang grupo o pangkat na kapantay.

Kailangan mo ring pag isipan kung ang grupo mo ay puro lalaki, puro babae o magkakasama sa grupo. Ang pagsasaayos ay naka depende sa lokal na kultura at ang trauma na tutukuyin.

## Tagal ng Panahon

Ang bawat sesyon ay naka plano na tumagal ng isang oras. Ito'y nagdudulot ng sapat na panahon para makapag-usap bago at pagkatapos ng mga gawain. Sa pag-umpisa ng bawat sesyon, puede mo din bigyan ng panahon ang mga bata na ibahagi ang mga bagong naisipan nila pagkatapos ng huling sesyon. Madalas mo silang tanungin kung may gusto silang ibahagi. Ganun pa man din, mag-ingat na hindi sila mapilitan.

Mabagal makuha o maproseso ng mga bata ang mga bagong ideya. Isang sesyon sa bawat araw ay madalas na lubos na nakakatulong. Kung may panahon ka pa para sa mga bata, mag plano ng mapagpahinga at masasayang karanasan (mga awit, sayaw, mga laro, kuwento o pagbabasa, mga gawaing masaya na matututo sila, atbp.) Ang pagbalik sa napagsanayang gawain ay nakakatulong sa emosyonal na katatagan ng mga bata.

## Mga Talata ng Biblia

Madalas na may kasamang mga talata ng Biblia ang pahina ng gawain ng mga bata o sa Gabay ng Facilitator. Ipasaulo ang mga talatang ito sa mga bata at madalas na suriin. Subukan na maging madali at masaya ang pag-aral ng mga talata sa pamamagitan ng paglagay nito sa simpleng awit. Baka gusto mo din dagdagan ng paligsahan sa pagsusulit.

## Ang Workbook ng mga Bata

Hikayatin ang mga bata na ibahagi araw araw ang mga ginagawa nila ng kanilang magulang o tagapag-alaga. Puede mo ring bisitahin ang mga tagapag-alaga sa kanilang tahanan o kaya ay bumisita sila sa lugar na pinagtatagpuan ninyo ng mga bata. Makakatulong din sa kanila ang mga sesyon ng pagpapayo. Pagisipan mo kung makakatulong sa mga bata na iuwi ang kanilang workbook o iwanan ito sa inyong pinagtatagpuan.

Siguraduhin na nakasulat ang kanilang pangalan sa workbook.


## Pagpapakilala sa Gawain sa Workbook ng mga Bata

Ang mga gawain sa workbook ng mga bata ay naka desenyo upang bigyan ang mga bata ng oportunidad na saliksikin at ipahayag ang mga nararamdaman nila tungkol sa mga pangyayari na naranasan nila nung panahon at pagkatapos ng traumatic na pangyayari. Magagawa nila ito sa pamamagitan ng mga usapang sumusuporta, artwork, pagsusulat at paglalaro. Kapag kinilala na ng mga bata ang kanilang pagkawala at naihayag ang kanilang naramdaman, matutulungan sila ng facilitator na isarado ang kanilang isyu ng kapighatian.

Ang mga pahina ng workbook ng mga bata ay naka kopya sa kanan ng pahina ng *Gabay ng Facilitator* at nakasulat ang numero ng bawat pahina sa ibaba ng pahina. Ang mga tala sa pahina ng *Gabay ng Facilitator* ay makakatulong na maintindihan mo ang mga susing konsepto para sa pag-uusapan sa pahina ng mga bata. Pagaralan ang mga pahinang ito bago tagpuin ang mga bata. Baka may karagdagang ideya ka sa mga mapaguusapan ninyo.

Tulungan ang mga bata at kanilang pamilya na maramdaman na sila ay konektado sa kanilang mga kaparehas at sa mga nakatatanda na makapagbibigay ng suporta at makakabawas sa papakiramdam ng paghiwalay. Kilalanin ang mga lokal na panggagalingan ng karagdagang tulong na makukunan ng mga bata at kanilang pamilya kung sila ay nangangailangan pa.

# Ang aklat na ito ay kay:



______________________________



**Ang aklat na ito ay binigay sa akin ng isang taong gusto na malaman ko na ako ay lubos na espesyal at na mahal ako ng Diyos at na Siya'y may kamanga-manghang plano para sa akin.**

# MGA KAIBIGAN KO!

## Layunin

- Tulungan ang mga bata na makatanggap ng kaginhawaan dahil si Hesus ang kanilang kaibigan na magmamahal sa kanila sa habang panahon.

## Pagpapakilala

- Sa murang edad, nakikipagsalamuha na ang mga bata sa ibang bata na hindi nila kapamilya. Ang relasyon ng mga bata sa isa't isa ay kakaiba sa relasyon nila sa kanilang magulang at kamag-anak. Ang relasyong pangpamilya ay nagbibigay ng matalik na relasyon, malalim na pagpapalagayang loob ngunit hindi nito puedeng palitan ang ibang relasyon. Mula sa pagkabata hanggang sa pagtanda, ang pagkakaibigan ay isa sa pinaka importanteng bagay sa buhay at ito ay kailangan para sa maayos na sikolohikal na paglago.
- Kaya mahalaga sa mga bata na nawalan ng kaibigan sa pamamagitan ng kanilang traumatic na karanasan, na unang mapagusapan ang kaginhawaan at suporta na natanggap nila mula sa kanilang mga kaibigan. Ang pagalala ng mga karanasang ito ay makakatulong sa mga bata na maging masaya na malaman na gusto ni Hesus na maging kanilang kaibigan, na magbibigay ng kaparehong kaginhawaan at suporta. Makakatulong din ang sesyon na ito na makilala ng mga bata ang isa't isa sa mas personal na paraan at ito ay makakatulong na makapag bahagi sila ng mas malalim sa mga darating na sesyon.


## Pakikipagusap

- Hikayatin ang mga bata na pagusapan ang kanilang mga kaibigan. Anu-ano ang mga ginawa nila? Pareho ba ang kanilang paaralan? Pareho ang iglesia? Ano ang paboritong nilang laro? Ano ang dinudulot na pakiramdam ng kaibigan sa iyo?
- Lahat tayo ay nangangailangan ng kaibigan! Magkakaron ka ng mga bagong espesyal na kaibigan na tutulong sa iyo sa ating pagsasama. Kilalanin muna natin ang mga kaibigan na nasa ating paligid. Hayaang magpakilala ang mga bata at na magsabi sila ng isang bagay tungkol sa sarili, gaya ng lugar na pinanggalingan nila, kanilang paaralan o ang paboritong nilang libangan pag kasama ang mga kaibigan.
- Ipakilala sa mga bata ang ilang espesyal na kaibigan (sa pahina 7 at 9) na makakatulong sa kanilang gawain sa workbook. Ipakilala ang mga 'bagong kaibigan' na ito, sa paraang malapit sa bata (kaibigang gustong tumulong, interesado sa iyo, atbp) habang pinapakilala ang iba't ibang paraan na ang bawat isa ay tutulong.

## Gawain ng mga Bata

- Ang mga bata ang magbibigay ng pangalan sa kanilang 'bagong kaibigan' at pabilugan ang kanilang paborito kaibigan. Puede mo rin tanungin kung bakit nila napili ang kanilang paborito kaibigan.
- Pag-aralan ang talata ng Biblia para sa araw na ito (Kawikaan 17:17) bilang paalala na gusto ni Hesus maging Kaibigan nila sa lahat ng panahon, kahit na may nangyayaring masama.

# Mga Kaibigan!



May mga bago kayong kaibigan! Gusto namin kayong tulungan sa anumang paraang kaya namin. Puede n'yo kaming bigyan ng palayaw kung gusto ninyo. Kami ay handang makinig sa iyo, at gusto sana namin na ibahagi ninyo ang inyong karanasan sa amin.



Gusto kitang tulungang tapusin ang workbook na ito. Tuturuan kita ng masasayang bagay na puede mong gawin. Hanapin mo ako sa bawa't pahina para malaman ang dapat mong gawin.



Binigyan ako ng Diyos ng kakayahang manghikayat. Makinig ka ng mabuti sa sasabihin ko sa iyo. Gusto kitang tulungan.

**“Ang kaibigan ay umiibig sa lahat ng panahon.” (Kawikaan 17:17)**

- Pumili ng kanta tungkol sa pagiging Kaibigan ni Hesus na alam ng mga bata kagaya ng “Jesus loves me”. Pagdiinan na kahit sila’y nawalan o namimiss ang ilang espesyal na kaibigan, mahal sila ni Hesus at gustong maging kaibigan nila.

### Mahal ako ni Hesus

Mahal ako ni Hesus! Alam ko ito,
Dahil sabi ng Biblia
Ang maliliit na bata ay Kanya
Mahina sila ngunit Siya’y malakas.

Mahal ako ni Hesus! Alam ko ito,
Gaya ng pagmahal Niya nung
matagal na nakaraan,
Kinakandong ang mga bata,
At sabing “Hayaan silang lumapit
sa Akin.”

Mahal pa rin ako ni Hesus ngayon.
Sinasamahan ako sa king paglakad
Bilang kaibigang gustong magbigay
Liwanag at pagibig sa lahat ng
nabubuhay.

Mahal ako ni Hesus! Siya na namatay
Upang buksan ang pintuan ng langit;
Huhugasan Niya ang kasalanan ko,
Hahayaang lumapit ang maliit na bata.

Mahal ako ni Hesus! Mananatili Siyang
Malapit sa akin sa habang panahon;
Ikaw ay dinugo at namatay para sa akin,
Kaya’t mula ngayon, mamumuhay ako
para sa Iyo.


Koro:

Oo, mahal ako ni Hesus!
Oo, mahal ako ni Hesus!
Oo, mahal ako ni Hesus!
Sabi ng Biblia.

William B. Bradbury, 1862
Public Domain

## Panahon ng Panalangin


- Magpasalamat ang mga bata na si Hesus ay Kaibigan nila.



**Ang paborito kong libangan ay magsaulo ng talata sa Biblia. Sa kabuuan ng workbook na ito, ibabahagi ko ang mga talatang ito sa iyo.  Sana magustuhan mo.**



**Mahilig din akong gumuhit ng mga larawan para ipahayag ang aking naiisip. Malaking bagay sa akin na makita ang mga ginuhit mo. Maging malaya ka na sabihin sa akin ang ibig sabihin sa iyo ng mga larawan na iyon.**



**Mahilig din akong magsulat ng mga kaisipan ko sa papel. Gusto ko sanang mabasa ang mga pakiramdam at karanasan mo pagkatapos mong isulat sa workbook na ito.**

# Ako Ito!

## Layunin

- Tulungang malaman ng mga bata na anupaman ang nangyari sa kanilang pamilya o komunidad dahil sa traumatic na karanasan nila, espesyal pa rin sila sa Diyos, ang kanilang Amang nasa langit.

## Gawain

- Bago umpisahan ang sesyon, gumawa ng baner o magandang kuwadro para sa mga bata na may mga salita ng Isaias 43:1 gaya ng makikita sa pahina 5 ng workbook ng mga bata.

## Pakikipagusap

- Ipakita ang baner o kuwadro sa mga bata at basahin ito ng sama sama.
- Sabihin kung gaano sila ka espesyal, na alam ng Diyos ang bawat pangalan nila at sinasabi Niya sa bawat isa “Ikaw ay Akin.”
- Ipaalala sa mga bata na ang Diyos ang lumikha sa bawat isa sa atin.
- Magbahagi ng mga kaisipan tungkol sa paglikha ng Diyos sa atin sa Kanyang wangis (kamukha Niya): Puede silang magisip, ihayag ang kanilang nararamdaman, maging malikhain, magmahal at marami pang iba.

## Gawain ng mga Bata


- Ipaguhit sa mga bata ang larawan nila sa isang pahina ng kanilang workbook.
- Tulungan sila na paikutan ang larawan ng bakas ng kanilang daliri.
- Ituro sa kanila ang pagkatangi nila sa pamamagitan ng pagtingin sa bakas ng kanilang mga kasama. Magkaiba ang bakas ng bawat isa!

## Panahon ng Panalangin

- Pasalamatan ang Diyos na ang bawat bata ay espesyal sa Kanya.
- Gawing personal ang panalangin sa pamamagitan ng pagbanggit ng pangalan ng bawat bata. Halimbawa, “Salamat o Diyos na si Brendon, Amy at Joseph ay napakahalaga sa iyo.” Siguraduhing mabanggit ang pangalan ng lahat!


**Ikaw ay natatangi—iisa ka lang!**
**Kaya’t napaka-espesyal mo!**

# May PAG-ASA para sa AKIN



Iguhit ang
larawan mo.





## Ako ito!



Palibutan mo ng mga bakas-daliri ang larawan mo sa pamamagitan ng tinta, pintura o marker.

# Lahat Tungkol sa Akin

## Layunin

- Bigyan ang mga bata ng oportunidad na mas alamin ang kanilang pagkakilanlan (kung sino sila) at matuklasan na hindi nabago ng kanilang traumatic na Karanasan ang kanilang pagkakilanlan.

## Pagpapakilala

- Isa sa pangunahing pangangailangan nating lahat ay ang pakiramdam ng Pagkilanlan. Kung sino tayo ay napakahalaga sa ating lahat, pati na sa mga bata. Kausapin sila tungkol sa kung sino sila: isang babae, isang lalaki, isang kapatid, isang kaibigan, isang nagmamahal kay Jesus, atbp.

## Gawain ng mga Bata


- Pasagutan sa mga bata ang pahina ng “Lahat Tungkol sa Akin”.
- Hayaang pagusapan ng mga bata kung ano ang mga bagay tungkol sa sarili nila na hindi nagbago mula nang panahon na nangyari sa kanila ang bagay na nagpalungkot sa kanila.
    - Ang kanilang pangalan.
    - Ang kanilang kaarawan.
    - Ang kulay ng kanilang buhok.
    - Ang mga hilig nila at hindi nila gusto.

## Pakikipagusap


- Pagusapan ang kanilang talata ng Biblia (Isaias 43:1), at ipaalala sa kanila na isa pang bagay na hindi nagbago ay na sinasabi pa rin ng Diyos, “Ikaw ay Akin.”
- Tulungan ang mga batang gumawa ng isang kanta na may simple o kilalang tono at gamitin ang mga salita ng kanilang memory verse (talata ng biblia).
- Kahit nakaranas sila ng bagong pakiramdam, ngunit ang kanilang pagkakilalan ay hindi nagbago.

## Panahon ng Panalangin

- Hayaan ang mga batang magpasalamat sa Diyos na sila ay pareho pa rin at na ang Kanyang pagibig sa kanila ay hindi nagbago.



# Lahat ng Tungkol sa Akin



**Ang edad ko ay:** ______________________

**Ang aking kaarawan ay:** ______________________

**Ang paborito kong kulay ay:** ______________________

**Ang paborito kong pagkain ay:** ______________________


**Ang paborito kong aklat ay:** ______________________

**Ang pinakamatalik kong kaibigan ay si:** ______________________

**Ang paborito kong isport o laro ay:** ______________________

**Ang paborito kong hayop ay:** ______________________

**Ang paborito kong kanta ay:** ______________________



**Sabi ng Diyos:**

**" … huwag kang matakot sapagkat tinubos kita, tinawag kita sa iyong pangalan; ikaw ay Akin."**

Isaias 43:1

# Tutulungan Ako ng Diyos

## Layunin

- Bigyan ang mga bata ng pakiramdam ng pagiging ligtas dahil alam nila na hindi lang tutulungan ng Diyos ang kanilang pamilya at komunidad, kundi sila din mismo.

## Pagpapakilala

- Para sa malusog na pagpapaunlad ng pagkabata, kailangan ng mga bata ng ligtas na kapaligiran upang kilalanin ang kanilang mundo.
- Sa kabila ng kawasakan ang kalituhan na dinudulot ng trauma, ang mga bata ay makakaramdam ng kaginhawaan sa kasiguraduhan na mahal sila ng Diyos, pati na ang mga taong nagmamahal sa kanila – ang kanilang pamilya komunidad.
- Tutulungan Niya silang lahat na pagtagumpayan ang mga problema na idinulot ng traumatic na pangyayari.

## Pakikipagusap


- Hayaan ang mga batang pagusapan ang mga paraan na tinulungan sila ng Diyos na malampasan ang malungkot na nangyari sa kanila.
- Tanungin sila kung napansin nila ang pagtulong ng Diyos sa kanilang komunidad at ipakwento ninyo kung paano nangyari ito.
    - Muling nagbukas ang paaralan.
    - Naayos ang iglesia.
- Ano ang mga bagay na kailangan pang maayos sa kanilang komunidad?
    - Magkaroon ng malinis na tubig pang-inom.
    - Maibalik ang kuryente.
    - Pagbibigay ng makakain.

## Gawain ng mga Bata

- Ipaguhit sa mga bata ang larawan ng mga paraan na tinulungan sila ng Diyos.
- Bigyan ng pagkakataon ang bawat bata na ipakita sa isa't isa ang kanilang mga larawan.
    - Hayaang hulaan ng mga bata ang isinalalarawan ng bawat ginuhit.
    - Hikayatin ang mga bata na ipaliwanag kung bakit nila ginuhit ang larawang iyon.
        - Ang larawan ng ahas sa daan ay posibleng nagpapaalala na tinulungan siya ng Diyos na hindi iyon natapakan o hindi siya nakagat.

## Panahon ng Panalangin


- Magkakasamang manalangin, na nagpapasalamat sa Diyos na pareho ng pagtulong Niya sa kanila nung sila'y natatakot, patuloy Niya silang tutulungan ngayon.



# Tutulungan ako ng Diyos!



- **Linikha ako ng Diyos—Mahal ako ng Diyos.**
- **Mahal ng Diyos ang aking pamilya —mahal Niya ang aking komunidad.**
- **Tutulungan tayong lahat ng Diyos na malampasan ang anumang problema natin.**




**"… Ang Panginoon ang aking katulong; hindi ako matatakot … "**

Hebreo 13:6



Gumuhit ka ng larawan na nagpapakita kung paano ka inalagaan ng Diyos.



# Bago at Pagkatapos ng Pangyayari

## Layunin

- Upang maumpisahan ng mga batang saliksikin ang kanilang naramdaman bago at pagkatapos ng malungkot na pangyayari na gumugulo sa kanila.

## Pagpapakilala

- Ang lahat ng traumatic na karanasan ay nauuwi sa wasak na damdamin na nag-uugat sa naramdaman ng mga bata noong naranasan nila ang traumatic na pangyayari. Ilan sa mga damdamin na ito ay—
    - Pagkakasala o pakiramdam na siya ang may kasalanan
    - Takot
    - Pakiramdam na siya'y hindi minamahal, hindi ginugusto o abandonado
    - Galit
    - Malungkot, nagiisa

## Pakikipagusap

- Gamitin ang iba't ibang mukha na nasa pahina ng mga bata, ipabahagi sa mga bata ang kanilang iniisip at nararamdaman tungkol sa nangyari.
- Humingi ng boluntaryo sa mga bata na magpapakita sa kanilang mukha ang itsura nila nung nangyayari ang malungkot na karanasan at kung ano ang itsura na gusto nila ngayon.
- Ipahula sa ibang bata kung ano ang emosyon na gustong ipahiwatig ng bawat mukha.

## Gawain ng mga Bata


- Pakulayan sa mga bata ang mga mukha na nagpapakita ng naramdaman nila bago ang pangyayari at ang nararamdaman nila ngayon tungkol sa nangyari.
- Bigyan ng katiyakan ang mga bata na katanggap-tanggap na matakot, magalit o malungkot kapag may nakakatakot na nangyayari sa kanila.
- Ipagdiin na lagi nilang kasama ang Diyos at tutulungan Niya sila kapag sila ay nalulungkot o natatakot.

## Panahon ng Panalangin


- Manalangin kasama ng mga bata, at hingiin sa Diyos na magkaroon sila ng masasayang pakiramdam.

# Bago at Pagkatapos nangyari ang bagay na iyon

Kulayan mo ang mukha para ipakita ang nararamdaman mo **bago** nangyari ang bagay na iyon.




Kulayan mo ang mukha para ipakita ang naramdaman mo **pagkatapos** mangyari ang bagay na iyon.



# Ang Aking Damdamin

## Layunin

- Upang malaman ng mga bata na naiintindihan ng Diyos ang ating nararamdaman at matutulungan Niya tayong magkaron ng masasayang pakiramdam.

## Pagpapakilala

- Maging sensitibo sa mga pagkakaiba ng mga kultura ng mga bata na nagkaron ng traumatic na karanasan.
- Para sa ibang bata, hindi katanggap-tanggap o komportable ang pagpahayag ng emosyon.

## Gawain ng mga Bata

- Bigyan ang mga bata ng panahon para gumuhit ng mga larawan.
- Puede nilang ipakita ang kanilang ginuhit, kung gusto nila.
- Hikayatin ang mga bata na pagusapan ang kanilang mga pakiramdam bago at pagkatapos ng malungkot na karanasan.
- Pakinggan ang kanilang mga kuwento na walang paghusga.
  - Hayaan ang mga bata na umiyak, maging malungkot o magalit.
  - Huwag pilitin na ipahayag nila ang pakiramdam ng traumatic na karanasan,
  - bagkos ipaalam sa mga bata na normal para sa lahat na mainis, magalit o matakot kapag may masamang nangyayari.


## Pakikipagusap

- Kapag naibahagi na ng lahat ang kanilang pakiramdam, ipaliwanag na iba-iba ang nararamdaman ng mga tao kapag may nangyayaring masama.
  - Minsan sila'y masaya, malungkot, galit, takot o kinakabahan.
  - Anuman ang naramdaman nila nung nagaganap ang malungkot na pangyayari ay katanggap-tanggap, ngunit ngayon gusto silang tulungan ng Diyos na baguhin ang kanilang malungkot o galit na pakiramdam at gawing masaya.

## Panahon ng Panalangin


- Manalanging magkasamang nagpapasalamat sa Diyos na naiintindihan Niya ang nararamdaman ng mga bata at na matutulungan Niya silang magkaron ng magagandang pakiramdam muli.

# Naiintindihan ng Diyos Ang Aking Damdamin





Gumuhit ng larawan na nagpapakita ng panahon na nakaramdam ka ng galit dahil sa nangyari.





Gumuhit ng larawan na nagpapakita ng panahon na nakaramdam ka ng takot dahil sa nangyari.





**Katanggap-tanggap ang anumang naramdaman mo!**

# Ang mga Nawala sa Akin

## Layunin

- Tulungan ang mga batang kilalanin at ibigay sa Diyos ang mga nawala sa kanila dahil sa pangyayari.

## Pagpapakilala

- Kausapin ang mga bata tungkol sa mga nawala sa kanila.
  - Ipaliwanag na kapag may nangyaring malulungkot o masasamang bagay sa atin, may nawawala sa atin.
  - Ang pagkawala ay nagdudulot ng kalungkutan, takot o galit.

## Gawain ng mga Bata

- Ipaguhit sa mga bata ang mga larawan o ipasulat ang mga pangalan ng ilang nawala sa kanila sa mga bilog.
- Hingiin na pag usapan nila ang mga nawalang iyon.
- Tanungin kung ano ang nararamdaman nila pag naiisip nila ang mga bagay na nawala sa kanila.
- Ipaalala sa kanila na pinagmamalasakitan ni Hesus ang nararamdaman nila.

## Pakikipagusap

- Pag usapan ang pagibig ng Diyos at ang mga paraan na binabalik Niya ang mga nawala sa kanila.
  - Magkakaron kaya sila ng bagong tahanan? Bagong tagapagalaga? May nagbigay ba sa kanila ng pagkain, tubig pang-inom o damit?
  - Kahit may masasamang nangyari sa atin, pinapakita pa rin sa atin ng Diyos na mahal Niya tayo.

## Panahon ng Pananalangin

- Ipanalangin ang mga bata at hingiin sa Diyos na bigyan sila ng kaginhawaan sa kanilang pagkawala at na ipagpatuloy Niya ang Kaniyang pagalaga sa kanila.
  - Tanungin kung may batang gustong magpasalamat sa Diyos para sa kanyang pagmamahal at pagaalaga sa kanila.

# Mga Nawala sa Akin

**Baka nawalan ka ng kaibigan,
paboritong laruan o aklat pang-eskuwela.**

Gumuhit ng larawan o isulat ang pangalan sa bawat bilog ng isang bagay na nawala sa iyo dahil sa nangyari.

# Ang Aking mga Kaibigan o Kapamilya na Namatay

## Layunin

- Tulungan ang mga batang mapag usapan ang pagkamatay at na maintindihan na ang kamatayan ay isang makabuluhang pagkawala sa kanilang buhay.

## Pagpapakilala

- Pakikipagusap sa mga bata tungkol sa pagkamatay ay dapat angkop sa kanilang antas ng pagunlad, magalang sa pamamaraan ng kanilang kultura at sensitibo sa kakayanan ng batang intindihan ang sitwasyon.
- Magiging alisto ang mga bata sa reaksyon ng mga makabuluhang nakatatanda habang binibigyan nila ng kahulugan at tumutugon sila sa impormasyon tungkol sa pagkamatay at trahedya.
- Para sa mga mas nakababatang mga bata, ang reaksyon ng nakatatanda ay magkakaroon ng higit na mahalagang tungkulin sa paghugis ng kanilang mga pang-unawa ng sitwasyon.
- Hayaan ang mga bata na gabayan ka, ang facilitator, sa kanilang pangangailangan ng impormasyon o kaya sa pagpapaliwanag ng impormasyon na naibigay.
- Ang pagkawala at kamatayan ay parehong kasama sa pagikot ng buhay na kailangang maintindihan ng mga bata.

## Pakikipagusap

- Hikayatin ang mga batang magtanong tungkol sa pagkawala at kamatayan.
    - Huwag magalala na baka hindi ninyo mabigay ang lahat ng kasagutan.
    - Tratuhin ang bawat katanungan na may respeto at kagustuhang tulungan ang bata upang matuklasan ang sarili niyang mga kasagutan.
    - Alalahanin na hindi nating puedeng ipagpalagay na ang bawat bata sa isang pangkat ng edad ay nakakaintindi ng kamatayan sa pare-parehong paraan o sa pare-parehong pakiramdam.
    - Lahat ng bata ay magkakaiba, at ang kanilang pananaw sa mundo ay magkakaiba at hinuhugis ng magkakaibang karanasan.


## Gawain ng mga Bata

- Ipasulat sa mga bata sa mga lobo (bilog) ang mga pangalan ng kanilang mga kaibigan o kapamilya na nasaktan o namatay sa pangyayari.
- Hayaan na pagusapan ng mga bata kung bakit naging espesyal ang mga taong ito sa kanilang buhay.
- Anu-ano ang mga masasayang ginawa nila ng kaibigan o kapamilyang iyon?
    - GABAY: Kung posible, puede din kayong gumamit ng tunay na lobo para sa gawaing ito.
    - Puede ring guhitin o isulat ng mga bata sa mga piraso ng papel ang mga naranasan nilang pagkawala.
    - Pagkatapos, puedeng ipasok ang mga papel na ito sa loob ng lobo bago ihipan.
    - Puedeng pakawalan ng mga bata ang mga lobong hinipan sa himpapawid. Kung walang helium, puedeng pakawalan ang mga lobo mula sa ibabaw ng gusali.

## Panahon ng Panalangin

- Humingi ng kaginhawaan sa Diyos para sa mga batang nalulungkot tungkol sa naranasan nilang pagkawala.


# Mga Kaibigan o Kamag-anak ko Na Namatay





Isulat sa lobo ang pangalan ng mga kaibigan o kamag-anak na nasaktan o namatay.

Puede kang magsulat ng anuman tungkol sa kanila o kaya gumuhit ng larawan.



# Inaalagaan Ako ng Diyos

## Layunin

- Ipaalam sa mga bata na kahit nakaranas sila ng maraming kalungkutan dahil sa kanilang pagkawala, sila ay liligaya muli dahil sa pagmamahal at pag-alaga ng Diyos.

## Pakikipagusap

- Ipakwento sa mga bata ang mga masasayang panahon na naranasan nila itong nakaraang linggo at bigyang diin ang mga paraan na inalagaan sila ng Diyos.
- Pagusapan ang mga tao sa buhay nila na ginamit ng Diyos para alagaan sila.
  - May ginawa ba ang isang kaibigan upang ipakita na sila'y pinagmamalasakitan?
  - Pinagluto ba sila, binasahan ng aklat o kaya'y sinamahang mamasyal?


## Gawain ng mga Bata

- Ipaalala sa mga bata na ang Diyos ay may maraming paraan para alagaan sila.
- Hayaang iguhit sa kanilang pahina ang isang espesyal na paraan na sila'y inalagaan ng Diyos.
- Hayaang ipakita nila sa isa't isa ang kanilang larawan at na ikuwento ang pangyayaring konektado sa larawan.
- Tulungan ang mga batang matutunan ang memory verse sa baba at tulungan silang gumawa ng simpleng awit tungkol sa paraan na mahal at inaalagaan sila ng Diyos.

**"Ipagkatiwala ninyo sa Kanya ang inyong mga alalahanin sa buhay; sapagkat pinagmamalasakitan ka Niya." (1 Pedro 5:7)**

## Panahon ng Panalangin

- Pasalamatan ang Diyos para sa mga paraan na pinagmamalasakitan Niya ang bawat bata.
- Hayaan na itaas ng bawat bata ang kanyang larawan habang pinapasalamatan nila ang Diyos para sa tiyak na paraan na inalagaan Niya sila.




# Inaalagan Ako ng Diyos



**Kahit nakakalungkot ang mawalan, napapasaya ako dahil alam kong mahal ako ng Diyos!**



Gumuhit ng isang paraan na inaalagaan ka ng Diyos.



# Salamat O Diyos

## Layunin

- Ang pagpapasalamat sa Diyos para sa Kanyang pag alaga ay nagpapa-alala sa mga bata ng maraming paraan na pinagmamalasakitan sila ng Diyos.

## Pagpapakilala

- Pinagkatiwala ng Diyos ang pangangalaga ng mga bata sa mga pamilya. Kapag pinanganak ang bata, sila ay ganap na nakadepende sa pangangalaga na binibigay ng kanilang pamilya. Sa mga traumatic na panahon, madalas na napipira-piraso ang pamilya, at naiiwan ang mga batang walang tagapag-alaga. Ganun pa man sa trauma, may karagdagang pangangailangan ang mga bata para sa kaligtasan, seguridad at pag aruga. Takot na takot ang mga bata kapag wala silang kasamang pinagkakatiwalaan nilang mag aalaga sa kanila. Nakakapagbigay ng kaginhawaan sa kanila na malaman na lagi silang inaalagaan ng Diyos.

## Pakikipag-usap

- Pagusapan kung paano kakailanganin ng mga bata ang pag-alaga ng Diyos sa darating na linggo. Makakatulong ito sa inyong malaman ang mga pangangailangan nila. Problema ba ang pagkain? Kaligtasan? Pag-aaral? Sakit?


## Gawain ng mga Bata

- Tulungan ang mga batang magsulat ng panalangin na nagpapasalamat sa Diyos para sa Kanyang pagalaga.
- Pag natapos nila ang kanilang panalangin, ipabasa ito sa harap ng grupo.
- Puede din silang magpalitan upang ibang bata ang magbabasa ng panalangin ng iba.
- Pagkabasa ng bawat panalangin, magtanong, “Sino pa ang nakaranas ng pagalaga ng Diyos sa ganitong paraan?”
- Tulungan silang mamili ng isang awit ng papuri (pasasalamat) na aawitin sa Diyos para sa mga kamangha-manghang paraan na tinulungan Niya sila.
- Paalalahanan sila na sa mga panahon na sila ay nalulungkot, puede nilang pag-isipan ang mga paraan na inaalagaan sila ng Diyos.

**Kapag alam nila na mahal sila at inaalagaan sila ng Diyos, sila ay nasisiyahan.**

## Panahon ng Panalangin

- Sabihan ang mga bata na magpasalamat sa Diyos para sa Kanyang pag-aalaga.




# Salamat O Diyos



Sumulat ng isang panalangin na nagpapasalamat sa Diyos sa Kanyang pag-aalaga.

**Mahal kong Diyos,**



# Mga Magagawa Ko Na Makakatulong

## Layunin

- Tulungan ang mga batang mag isip ng mga praktikal na magagawa nila bilang mga paraan ng pansariling pagaalaga.

## Pagpapakilala

- Puedeng maramdaman ng mga bata sa traumatic na sitwasyon na wala silang laban.
- Ang susunod na dalawang gawain ay makakatulong na maramdaman nila na sila ay may kapangyarihang baguhin ang kanilang pakiramdam ng kalungkutan sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na positibo.

## Pakikipagusap

- Sa pamamagitan ng mga ideya sa pahina ng mga bata, hayaan ang mga batang pag usapan ang mga bagay na nakakatulong na puede nilang gamitin upang bumuti ang kanilang nararamdaman kapag sila ay nalulungkot.
- Ipaliwanag na minsan nakakatulong ang pag-iyak dahil naipahayag natin ang ating kalungkutan at handa na tayong piliin ang ibang bagay.
- Pag isipin din sila ng pandagdag na bagay na puede nilang gawin.
    - Magalaga ng isang hayop.
    - Sulatan ang isang kaibigan o kamaganak.
    - Magbasa ng aklat.
- Tulungan ang mga batang maintindihan na may kapangyarihan sila; makapili sila ng iba't ibang bagay na makakatulong sa kanila.


## Gawain ng mga Bata

- Pabilugan sa mga bata ang dalawang bagay na sa tingin nila ay makakatulong sa kanila.
- Pagkatapos ay ipasulat ang sarili nilang kaisipan tungkol sa mga bagay na magagawa nila na makakatulong.
- Sabihin sa kanila na ilan sa mga bagay na binilugan nila sa pahinang ito ng kanilang workbook ay iguguhit nila sa susunod na pahina.

## Panahon ng Panalangin

- Hingiin sa mga bata na manalangin sila at magpasalamat sa Diyos na puede nilang piliin ang mga bagay na makakatulong sa kanila kapag sila ay nalulungkot.
- Dapat manalangin ang facilitator, hingiin sa Diyos na tulungan silang maalala ang mga bagay na magagawa nila na makakatulong kapag sila'y nalulungkot, natatakot o nagiisa.

# Mga Bagay na Puede Kong Gawin na Makakatulong





**Pag ako'y nalulungkot, may mga bagay na puede kong gawin upang bumuti ang aking pakiramdam.**



Bilugan ang dalawang bagay na pinakagusto mo sa listahan sa baba nito.

**Gumuhit ng larawan**

**Umiyak ng todo todo**

**Makipaglaro sa isang kaibigan**

**Kumanta**

**Manalangin**

**Humingi ng tulong**

**Maglakad**

**Kausapin ang isang nakatatanda na pinagkakatiwalaan ko**



Isulat ang naiisip mong magagawa mo na makakatulong:


________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________



# Mga Bagay na Makakatulong para Bumuti ang Pakiramdam Ko

## Layunin

- Patibayin ang katotohanan na ang mga bata ay may kapangyarihan; may magagawa sila upang palitan ang kanilang kalungkutan.

## Pagpapakilala

- Madalas ang pakiramdam ng mga bata sa traumatic na pangyayari na sila ay walang kapangyarihan. Sinasabi sa kanila ng kanilang mga karanasan at damdamin na nasa sitwasyon sila na wala silang kontrol at hindi nila naiintindihan. Madalas na kinatatakutan ng mga bata ang bagay na hindi nila maintindihan at ma-kontrol. May dagdag na takot at kaba kapag ang pamilya at tahanan ay hindi na tumatayong ligtas at sumusuportang istruktura na kinilala nila dati. Nakakatakot din para sa mga bata kapag naramdaman nila na wala na ring kontrol ang kanilang magulang. Hinihikayat ang mga bata ng turong ito na malaman na may kapangyarihan sila; may magagawa sila upang palitan ang kanilang pakiramdam ng kalungkutan at mapuno ng pag-asa na bubuti din ang sitwasyon.


## Gawain ng mga Bata

- Ipaguhit sa mga bata ang mga bagay na binilugan nila sa huling pahina na nagpapakita kung ano ang higit na makakatulong na bumuti ang kanilang pakiramdam.
- Pagkatapos nilang guhitin ang kanilang mga larawan, isa-isa nilang ipakita ang kanilang ginuhit at sabihin kung paano iyon makakatulong na bumuti ang kanilang pakiramdam.
- Pakinggan ng mabuti ang kanilang mga kuwento upang makapagbigay ka ng mga komentong makakatulong.

## Panahon ng Panalangin


- Sabihin sa mga bata na hingiin nila sa Diyos na maalala ang mabubuting bagay na magagawa nila na makakatulong kapag sila ay nalulungkot.


# Mga Bagay na Nakakatulong na Gumaang ang Aking Pakiramdam





Gumuhit ng larawan ng dalawang bagay na pinaka-nakakatulong magpagaang ng iyong pakiramdam.





# Nakakatulong Sabihin ang Aking Kuwento

## Layunin

- Bumuo ng mabuting relasyon sa mga bata sa pamamagitan ng pagkikinig sa kanilang mga kuwento.

## Pagpapakilala

- Kailangan ng mga bata ang isang tao na tunay na makikinig sa kanila habang binabahagi nila ang kanilang mga kuwento.
- Natutulungan natin ang paghilom ng mga bata sa pagbigay ng panahon na makinig at hikayatin silang ipahayag ang kanilang mga impresyon at pakiramdam tungkol sa trauma na naranasan nila.
- Kapag alam ng mga bata na may seryosong nakikinig sa kanila, sila ay nagiging apagtiwala at katanggap-tangap sa kanilang sarili.
- Sa pagbahagi ng kanilang mga kuwento, nakikita nila ang kanilang sarili at natutuklasan nila ang kanilang pang loobang lakas.

## Pakikipagusap

- Tanungin ang mga bata kung kanino nila pinakagustong sabihin ang kanilang mga kuwento ng kalungkutan.
- Tanungin kung bakit nila pinili ang taong iyon.
    - Sabihin sa kanila na ok lang kung gusto nilang panatilihing sikreto ang kanilang kuwento.
- Puede din ninyong tanungin kung saan nila gustong kausapin ang taong iyon.
    - Sa tabing ilog, sa kanilang kuwarto o habang namamasyal.


## Gawain ng mga Bata

- Papiliin sila ng paboritong lugar na espesyal sa kanila.
- Ipaguhit ang larawan ng lugar na iyon habang sinasabi nila ang kanilang kuwento sa taong pinili nila.

## Panahon ng Panalangin

- Sabihan ang mga batang pasalamatan ang Diyos na lagi nila Siyang kasama at na gusto Niyang malaman ang mga bagay na nagbibigay ng paghihirap sa kanila.


# Nakakatulong Ikuwento ang Aking Kuwento





Isipin mo kung kanino mo pinaka-gustong ikuwento ang nangyari sa iyo.

Gumuhit ka ng larawan ng taong iyon na nakikinig sa iyong kuwento habang nakaupo kayo sa iyong paboritong lugar.



# Tinutulungan Ako ng Diyos!

## Layunin

- Bigyan ng kaginhawaan ang mga bata sa pagka-alam na si Jesus ay laging malapit sa kanila at hinding hindi sila iiwan.

## Pagpapakilala

- Basahing sabay sabay ang talata sa pahina ng mga bata.
    - Isang kamangha-manghang pangako ang binigay sa atin ni Jesus!
- Pag usapan kung bakit napaka-espesyal ng pangakong ito.
    - Lagi Siyang nariyan pag kailangan ko ng tulong; puede ko Siyang kausapin sa lahat ng panahon, atbp.

## Pakikipagusap

- Ipakuwento sa mga bata ang isang pagkakataon na alam nila na nandun si Jesus o kaya nung tinawag nila si Jesus na samahan sila.
- Maging handang magbahagi sa kanila ng kaparehong karanasan ninyo.

## Gawain ng mga Bata


- Tulungan ang mga batang gumawa ng kanta o tula.
- Hikayatin silang maging malikhain sa pag gawa ng hangganang palibot ng pahinang susulatan nila.
- Ipa bahagi ang kanilang mga ginawa sa grupo.
- Pumili ng isa o dalawang ginawa ng mga bata at lagyan ng tono upang ito'y makanta nila kapag sila'y nalulungkot o natatakot.

## Panahon Ng Panalangin

- Sabihan ang mga batang magpasalamat kay Jesus na Siya ay laging nasa tabi nila para tulungan sila.
- Sabihin na gawin nilang tiyak ang kanilang panalangin: "Salamat Jesus na tinulungan Mo ako sa aking gawaing pang eskuwela" o "Salamat Jesus na tinutulungan Mo akong hindi matakot."

## Gawain


- Pagkatapos ng inyong sesyon, kung possible, gumawa ng maliit na workbook ng lahat ng kanilang ginawa o sinulat. Gumawa ng dalawang kopya at bigyan ang bawat bata ng isang kopya.



# Tinutulungan Ako ni Hesus!


**Sabi ni Hesus:**
**“Hindi kita iiwan**
**ni pababayaan man.”**

Hebreo 13:5





Gumawa ng isang awit o tula na nagsasabi
kung paano ka tinutulungan
ni Hesus na huwag malungkot o matakot.



Guhitan mo ng magandang hangganang-
palibot ang iyong sinulat.



# May Espesyal na Plano si Hesus para sa Buhay Ko!

## Layunin

- Makapagbigay ng pag-asa sa mga bata sa pamamagitan ng pagalam na dahil lubos silang minamahal ni Hesus, gumawa Siya ng magagandang plano para sa kanila.

## Pagpapakilala

- Magumpisa sa pamamagitan ng pagpakita ng mga bata kung ano ang gusto nila maging pag sila'y lumaki.
  - Bumbero—kunyari may hawak na hose at pinapatay ang apoy.
  - Nars—nag aalaga ng sangol na may sakit.
  - Isang piloto ng eroplano na lumipad sa buong kuwarto.
- Habang pinapakita ng bawat bata ang kanyang pinili, pahulaan sa mga bata kung ano yun.

## Gawain ng mga Bata

- Ipaguhit sa mga bata ang larawan ng gusto nilang gawin ngayon at ang gusto nilang gawin pag laki nila.

## Pakikipagusap

- Talk Pagusapan ang mga larawan ng mga bata at ipaalala sa kanila na tutulungan sila ni Jesus na tuparin ang mga plano Niya sa buhay nila.
- Basahing sabay sabay ang Jeremias 29:11. Tutukan kung paano pinapakita ng talatang ito na mahal na mahal ni Hesus ang mga bata. May maganda Siyang plano para sa bawat bata—mga planong magbibgay ng pag-asa at kaligayahan.


## Panahon ng Panalangin

- Sabihan ang mga batang magpasalamat kay Jesus dahil pinakita Niya na mahal Niya sila sa pamamagitan ng paggawa ng magandang plano para sa buhay nila—mga planong magbibigay ng pag-asa.

**"Sapagkat batid Kong lubos ang mga plano Ko para sa inyo; Mga planong hindi Ninyo ikakasama kundi para sa inyong ikabubuti. Mga planong magdudulot sa inyo ng kinabukasang punong puno ng pag-asa."**

(Jeremias 29:11)

# May Espesyal na Plano si Hesus Para sa Buhay Ko!






Gumuhit ng larawan ng gusto mong gawin **NGAYON.**





Gumuhit ng larawan ng gusto mong gawin **PAGLAKI MO.**



# Ang Kamangha-manghang Pangako ng Diyos sa Akin!

## Layunin

- Bigyan ang mga bata ng katiyakan na ang mga plano ng Diyos ay mabubuting plano; mapagkakatiwalaan nila ang plano ng Diyos para sa buhay nila

## Gawain

- Magplano ng espesyal na selebrasyon para sa pagtapos ng mga bata ng kanilang workbook.
  - Puede silang magsaya at magkantahan.
  - Puede silang magsaya sa paglalaro ng mga paligsahan.
  - Puede silang magsaya sa masarap na merienda.

## Gawain ng mga Bata

- Basahing sama-sama ang Jeremias 29:11
- Hikayatin ang mga batang itago ang kanilang workbook sa isang lugar na mababalik-balikan nila ito at mapa-alalahanan ng mga espesyal na plano ng Diyos para sa buhay nila.


## Pagtatapos ng mga Sesyon

- Kumpletuhin ang gawain sa workbook na ito at pagusapan kung paano pinalakas ang mga bata ng kanilang mga traumatic na karanasan.
  - Alam nila na lagi nilang kasama ang Diyos.
  - Nakatanggap sila ng mga sagot sa kanilang mga panalangin.
  - Alam nila na mapagkakatiwalaan nila ang Diyos na alagaan sila.

## Panahon ng Panalangin


- Pasalamatan ng mga bata ang Diyos na mahal Niya sila at na gumawa Siya ng magagandang plano para sa buhay nila.

# Ang Kamangha-manghang Pangako Ng Diyos sa Akin!





Isaulo ang talata ng Biblia sa baba. Kulayan at gawan ng magandang hangganang-palibot ito.



**Sapagkat batid Kong lubos ang mga plano Ko para sa iyo; mga planong hindi mo ikasasama kundi para sa iyong ikabubuti. Ito'y mga planong magdudulot sa iyo ng kinabukasang punong puno ng pag-asa.**

Jeremias 29:11





**Pinalakas ka ng mga kahirapang dinanas mo. Naranasan mo ang pag-ibig ng Diyos para sa iyo sa mga espesyal na paraan.**



## May pag-asa ka!

